


MENSAHE NG AREA PRESIDENCY

# SUMULONG NANG MAY PANANAMPALATAYA

*Nawa'y huwag tayong magpaikut-ikot sa halip tayo ay sumulong nang may pananampalataya sa Diyos Ama at sa Kanyang Anak, na si Jesucristo.*



Ni Elder
Brent H. Nielson
Area President

Ilang taon na ang nakalipas, kami ng asawa kong si Marcia ay pumunta sa New Zealand para sa isang gawain. Ilang oras pa lamang kaming naroon nang bigyan kami ng susi sa kotse at sinabihang pumunta kami sa Hamilton, na dalawang oras ang biyahe mula sa aming tahanan sa Auckland. Hindi naman ito mahirap gawin inisip namin ngunit nagbago isip namin nang sumakay na kami sa kotse at nagsimulang magbiyahe.,

Sa New Zealand nagmamaneho sila sa kanang bahagi ng sasakyan at sa kaliwang bahagi ng kalsada, kabaliktaran sa nakasanayan namin sa Estados Unidos. At ang lalo pang nagpahirap, sa New Zealand halos lahat ng interseksyon ay paikot--isang paikot na daan na nagdurugtong sa ilang interseksyon. Kakaunti lang ang ganoon sa kanlurang Estados Unidos.

Marami kaming dinaanang paikot na daan. Sa katunayan, napansin namin na maaari kaming manatili sa paikot na daang iyon kung gugustuhin namin, walang magsasabing lumabas ka roon. Kaya habang pinag-aaralan namin ang mga direksyon, naroon lang kami sa paikot na daang iyon, nagpapaikut-ikot.



Tinutulungan namin ni Marcia sa kasalukuyan ang aming anim na anak sa mga pagbabagong nararanasan nila sa pagiging adult. Minasdan namin sila, ang kanilang mga asawa at mga kaibigan, at maraming iba pang young adult sa kanilang pag-aaral, pagpiling magmisyon, pagpapasiyang mag-asawa, pagpili ng trabaho, pagkakamali, at pagkakaroon ng patotoo. Napansin namin na may mga pagkakataong paikut-ikot lang sila. Sa halip na sumulong sa kanilang destinasyon, nauubos ang oras nila sa pagpapaikut-ikot, nahihinto ang kanilang pag-unlad. Ang pinakamalaking hamon sa kanila ay takot--takot sa darating na bukas, takot na mabigo, takot na hindi nila kilala kung sino sila o kung ano ang maaari nilang kahinatnan. Sa ebanghelyo ni Jesucristo, ang takot ay kasalungat ng pananampalataya. Kung takot ka, naglalaho ang pananampalataya, ngunit kung may pananampalataya ka, naglalaho ang takot.

Sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, hindi natin kailangang matakot. Hindi natin kailangang matakot sa kamatayan, dahil nananampalataya tayo sa Panginoong Jesucristo at sa Kanyang kaloob na Pagkabuhay na Mag-uli. Hindi natin kailangang matakot sa kung ano ang magagawa ng tao sa atin, dahil alam natin na kung ang Diyos ay nasa atin at kung nananalig tayo kay Jesucristo, magagawa natin ang anumang bagay na kapaki-pakinabang sa Kanyang gawain (tingnan sa Moroni 7:33). Hindi natin kailangang matakot sa darating na bukas, dahil alam natin na kapag sinusunod natin ang mga utos, pagpapalain tayo ng Panginoon. Itinuro ni Pablo, "Sapagka't hindi tayo binigyan ng Dios ng espiritu ng katakutan; kundi ng kapangyarihan at ng pag-ibig at ng kahusayan" (II Kay Timoteo 1:7). Sumusulong tayo nang may pananampalataya sa Diyos Ama at Kanyang Anak na si Jesucristo. Kung aalisin natin ang takot, makakalabas tayo sa paikot na daan na humahadlang sa ating pag-unlad at pag-abot sa ating banal na potensyal.

### Ang Paikot na Daan ng Paglimot

Ang unang paikot na daan na nakakaantala sa atin ay kapag nalilimutan natin kung sino tayo at hindi nauunawaan ang ating banal na pagkatao. Maraming young single adult at mga batang miyembrong mag-asawa ang nahihirapang unawain ang kanilang pagkatao at iniisip kung bakit sila naririto sa mundo.

Ang inyong bukas ay napakaganda. Ang kaalaman at impormasyon ay mas madali nang makuha kaysa noon. Ang mundong inyong ginagalawan ay kahanga-hanga. Upang magtagumpay, kailangan ninyong kamtin ang pinakamahusay na edukasyon. Gugustuhin ninyong maunawaan kung paano gumagana ang teknolohiya at kung paano ninyo ito maaaring pakinabangan ng inyong mga anak.

Sa lahat ng inyong natutuhan, unawain na ang pinakamatalinong tao sa ating panahon ay natutuklasan lamang at naiimbento ang mga bagay na alam na at nalikha na ng Diyos. Kapag mas marami tayong natututuhan, mas lalo nating nauuunawaan kung gaano kaliit ang alam natin tungkol sa Diyos at Kanyang mga nilikha.

Gayunpaman, alam ko, higit sa lahat na Siya ang lumikha sa inyo, kayo ang pinakamahalaga sa Kanya. Tulad ng nalaman ni Moises nang makipag-usap siya sa Diyos nang harapan, kayo ay anak na lalaki o babae ng Diyos (tingnan sa Moises 1:4, 6-7).
Isipin ang inyong kakayahan--kapag namuhay kayo nang matwid, tumanggap ng mga sagradong ordenansa, at sumunod sa mga utos ng Diyos---na "[manahin ang lahat] ng mga bagay" (Apocalipsis 21:7). Iyan ba ay nagpapalawak na sa inyong pang-unawa at pag-iisip kung sino talaga kayo at kung ano ang maaari ninyong kahinatnan? Natatanto na ba ninyo na kapag nag-aral kayo at nasa inyo ang kaliwanagan na mula sa Espiritu Santo ay magsisimulang maunawaan ninyo ang mga bagay kung ano talaga ang mga ito at kung ano talaga ang magiging ito? (tingnan sa Jacob 4:13). Nauunawaan ba ninyo na "sa Dios ang lahat ng mga bagay ay mangyayari"? (Mateo 19:26). At narito ang pinakamagandang bahagi: kayo ang Kanyang tagapagmana (tingnan sa I Mga Taga Corinto 2:9).



PAGLALARAWAN NI BRANDON DORMAN

Upang makasulong nang may pananampalataya, dapat kayong umalis sa paikot na daang ito at unawain na ang Diyos ay tunay na inyong Ama at kayo ay Kanyang nilikha.

### Ang Paikot na Daan ng Kasalanan

Dahil sa walang hanggang pagmamahal ng Ama sa atin, naglaan Siya ng isang plano upang makabalik tayo sa Kanya. Upang maging katulad ng ating Ama at manahin ang lahat ng mayroon Siya, kailangan nating magkaroon ng pisikal na katawan. Ang ating mga katawan, na aktibo, ay mayroong mga gustong gawin, kinahihiligan, at gawi na kung minsan ay mahirap kontrolin. Buong buhay nating inaalam kung paano mapaglalabanan ang mga gustong gawin ng ating katawan at inuunawa kung paano mapapasunod ng ating espiritu ang ating pisikal na katawan. Dahil alam ng Ama na mahirap ito, alam Niya na magkakasala tayo. Alam Niya rin na walang maruming bagay ang makababalik sa Kanyang kinaroroonan (tingnan sa 3 Nephi 27:19).

Hinihingi sa katarungan, o batas ng Diyos, na kailangang may magbayad sa ating mga kasalanan. Ang ating Ama ay naglaan ng Tagapagligtas para sa atin, ang Kanyang Bugtong na Anak na si Jesucristo (tingnan sa Juan 3:16). Nang ilahad ang pangangailangan sa isang Tagapagligtas sa buhay bago ang buhay na ito, sumagot si Jesucristo at sinabing, "Narito ako, isugo ako" (Abraham 3:27).

Nadaraig natin ang kasalanan at nakasusulong nang may pananampalataya sa Tagapagligtas kapag tinaglay natin sa ating sarili ang Kanyang pangalan at naunawaan at naisabuhay ang Kanyang walang hanggang Pagbabayad-sala sa pamamagitan ng pagsisisi ng ating mga kasalanan. Natututo tayo sa Kanyang karanasan sa pagbabasa sa Kanyang mga winika sa Halamanan ng Getsemani (tingnan sa Mateo 26:39, 42; Lucas 22:41-44; tingnan din sa D at T 19:16-19). Wala na akong alam pang mas magiliw na pananalita na itinala kaysa sa taimtim na panalangin ng Anak sa Kanyang Ama bago naganap ang Pagbabayad-sala (tingnan sa Juan 17).

Kapag natagpuan ninyo ang inyong sarili sa paikot na daan ng kasalanan, puntahan ang inyong bishop, ipagtapat ang inyong mga kasalanan sa kanya, at hayaang magkaroon ng epekto ang Pagbabayad-sala sa inyo. Ang pinakamahalaga, sumulong nang may pananampalataya kay Jesucristo. Hindi nanaisin ng Tagapagligtas na mabitag tayo sa ating mga kasalanan. Kapag ginawa natin iyan, hindi natin makakamtan ang di-mailalarawang kagalakan at kaligayahan na maidudulot ng Pagbabayad-sala sa atin.

### Ang Paikot na Daan ng Pagpapasiyang Magmisyon

Malinaw na sinabi ng mga propeta at apostol na lahat ng may kakayahan at karapat-dapat na mga kabataang lalaki ay dapat magmisyon nang full-time. Ikagagalak din ni Pangulong Thomas S. Monson ang mga kabataang babae na gustong magmisyon.[1] Malinaw ang utos ng Tagapagligtas: "Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo" (Mateo 28:19).

Ang misyon ko sa Finland ay nagpabago ng aking buhay. Dahil ang Finland ay nasa itaas na bahagi ng mundo, kadalasan ay madilim dito. Napakalamig din dito; natutunaw ang niyebe sa buwan ng Mayo at dumarating muli sa buwan ng Setyembre. Nasa Rovaniemi ako noong una kong taglamig doon, ilang milya ang layo sa timog ng Arctic Circle. Nang lumubog ang araw sa unang mga araw ng Disyembre, bihira na namin itong makitang muli hanggang sa sumapit ang Pebrero. Ang temperatura ay madalas mababa sa zero (18°C).

Iniutos sa aming maghanap ng mga taong tuturuan. Nagsusuot ako ng dalawang pares ng medyas, dalawang pares ng guwantes, isang kamiseta, isang panglamig, ang amerikana ko, isang makapal na coat, sombrero, at scarf. Kapag lalabas na kami sa aming apartment, ang mga mata ko lang ang hindi natatakpan. Matapos maglakad nang 100 yarda (90 m) lamang mula sa aming apartment, ginaw na ginaw na ako. Nasa labas kami mula alas-9:00 ng umaga hanggang alas-9:00 ng gabi. Hindi kami gaanong nakahanap ng matuturuan.

Inisip ng mga taga Finland na nababaliw na kami; inisip ko rin iyon. Ang magagawa ko lang ay tanungin ang Panginoon kung talagang totoo ang gawain. Madalas Niya akong sagutin nang may katiyakan. Doon sa mayelong taglamig ng Finland maalab na nagpatotoo sa akin ang Espiritu tungkol sa katotohanan ng ebanghelyo.

Kung hindi ako napunta roon, naranasan ang hirap doon, at inalam ang katotohanan sa aking sarili, hindi ko sana natanggap ang nagpapatunay na patotoo---isang patotoo na tumitimo sa kaibuturan ng puso at hindi kailanman maglalaho.

Sa panahong naroon ako sa Finland, nagturo ako



at nagbinyag ng tatlong tao. Hanggang sa panahong iyan hindi ko pa naranasan ang malaking kagalakan na nadama ko nang makita kong tanggapin ng isang tao ang ebanghelyo ni Jesucristo. Ngunit ang totoo, may pang-apat na convert---ako. Kung nangaral ako nang buong buhay ko at ang napabalik-loob lamang ay ang aking sarili, ang karanasan ay napakahalaga pa rin sa akin.

Kailangan kayo ng Panginoon sa mission, ngunit marahil ang higit na mahalaga, kailangan ninyo ang mission para sa inyong sarili. Doon ay madarama ninyo at mauunawaan ang magiliw na pagbulong ng Espiritu at matututuhan ang mga aral na kailangan ninyong malaman upang maging mabuting asawa, mabuting magulang, at kahanga-hangang miyembro ng Simbahan.

Kung nag-aalala kayo tungkol sa pagmimisyon, sundin ang panawagan ng Tagapagligtas. Kailangan ninyong manampalataya at magkaroon ng tapang na lisanin ang paikot na daan ng di-pagpapasiya, at ang pagpiling magmisyon ay isa sa magiging pinakamahahalagang pasiya na magagawa ninyo sa inyong buhay.

## Ang Paikot na Daan ng Pagdedeyt

Ang inyong pasiyang magpakasal sa tamang tao sa tamang lugar at sa pamamagitan ng tamang awtoridad ay mahalaga sa inyong walang hanggang kaligayahan. Ang tamang lugar, mangyari pa, ay ang templo, at ang tamang awtoridad ay ang kapangyarihang magbuklod na ipinanumbalik sa mundo. Tungkol naman sa tamang taong pakakasalan, huwag pabigla-bigla sa desisyong ito. Kakailanganin ninyong hangarin ang pagpapatibay ng Espiritu Santo at madamang ligtas at panatag kayo sa inyong desisyon. Kung natanggap ninyo ang panatag na damdaming ito, kung gayon sumulong nang may pananampalataya.

Maraming kultura ang nagtuturo na hindi pa kayo maaaring mag-asawa hanggga't hindi pa kayo nakakatapos sa pag-aaral o may matatag na trabaho. Ang kulturang iyan ay hindi kultura ng Diyos. Ang kasal ay inorden ng Diyos.2 Sa pag-aasawa natatagpuan ang tunay na kaligayahan. Huwag ninyong hayaang makahadlang sa inyo ang pag-aaral o anumang hangaring materyal sa mahalagang hakbang na ito.

Kami ni Marcia ay nagpakasal noong dalawang taon pa bago niya matapos ang kanyang bachelor's degree at kasisimula ko lamang sa tatlong taon sa law school. Sa loob ng tatlong taong iyon, natapos namin ang kolehiyo at mayroon na kaming dalawang anak. Nag-aral ako sa umaga habang si Marcia ang nag-aalaga sa mga bata. Nag-aral siya sa gabi at ako naman ang nag-alaga sa mga bata. Kasabay nito nililinis namin ang 10-palapag na condominium.

Araw-araw kailangang i-vacuum namin ang bawat palapag. Bago matapos ang trabaho namin doon, tig-isa kami ng anak na pasan na nasa backpack habang nag-va-vacuum kami. Nag-uumpisa ako sa ikasampung palapag, at si Marcia sa unang palapag, at nagsasalubong kami sa ikalimang palapag. Iyon ay ilan sa magagandang alaala namin. Hindi namin ipagpapalit ang magagandang pangyayaring iyon sa mga unang taon ng aming pagsasama bilang mag-asawa sa kahit anong bagay.

Kung ipinagpapaliban ninyo ang pag-aasawa, sumulong nang may pananampalataya. Pakasalan ang tamang tao sa tamang lugar sa ilalim ng tamang awtoridad. Walang hanggan kayong magpapasalamat na ginawa ninyo ito.

## Ang Paikot na Daan ng Pagpili ng Career

Paano ninyo malalaman bilang young adult kung ano ang dapat ninyong gawin sa inyong buhay? Ang sagot ay hindi ninyo kailangang malaman. Sa yugtong ito ng inyong buhay, pinipili lamang ninyo ang mga bagay na interesado kayo, na nagbibigay ng kabuluhan sa inyong buhay, at ng mga pagkakataong maglingkod sa kapwa. Inaalam ninyo kung sang-ayon ang Panginoon sa pasiyang iyan at pagkatapos ay sumusulong na nang may pananampalataya.

Sa pagsulong ninyo, bagong mga pinto ang mabubuksan at kusang lalantad sa inyo ang mga oportunidad. Huwag maging tamad dahil sa hindi ninyo nakikita kung maayos ang inyong buhay sa susunod na 70 taon. Ang pinakamahalagang aspeto ng ating kalayaan ay na kayo at ako ay kumikilos para sa ating sarili at hindi pinakikilos (tingnan sa 2 Nephi 2:26). Tayo ang pumipili, at pagkatapos kumikilos tayo ayon sa pinili



natin. Sumulong tayo nang may pananampalataya, at pagpapalain tayo ng Panginoon.

Natapos ng isa sa aming mga anak na lalaki ang kanyang misyon sa Poland noong 2006 na iniisip na gusto niya maging psychologist. Nag-aral siya ng psychology at kalaunan ay natantong ayaw niyang maging psychologist, ngunit interesado siya sa kilos at pag-uugali ng mga tao. Sinimulan niyang pag-aralan ang market research at naging interesado kung bakit binibili ng mga tao ang kanilang mga binibili at gumawa ng mga pagpipilian ng consumer batay sa ginagawa nila. Nagtapos siya ng psychology at business. Hindi iyon sa kung saan nagsimula ang kanyang pag-aaral, kundi umalis siya sa paikot na daan at sumulong nang may pananampalataya.

Ang malungkot, mahina ang job market, lalo na sa market research. Maaari sanang nasa bahay na lang siya at nanonood ng TV o naglalaro ng mga video game o nalulungkot para sa kanyang sarili. Sa halip, nakahanap siya ng kumpanya na gumagawa ng market research, at nakausap ang may-ari. Sinabi niya sa may-ari na interesado siya sa kumpanya at inisip na baka puwedeng pumasok siya roon bilang intern nang walang sweldo. Naisip ng may-ari na makakatipid siya, kaya sa loob ng ilang araw nagtrabaho na ang aming anak sa kumpanyang iyon. Makalipas ang ilang linggo kinausap ng may-ari ang anak ko at sinabi sa kanya na nagustuhan ng kumpanya ang ugali niya sa trabaho, at tinanong kung gusto niyang magtrabaho nang full-time.

Ngayon ang aming anak ay nagtatrabaho sa isang larangan at trabaho na gusto niya. Sumulong siya nang may pananampalataya, hindi nang may takot, at pinagpala siya ng Panginoon. Sa pagpili ninyo ng kurso o trabaho, hanapin ang bagay na gusto ninyo na magtutulot sa inyo na maging tunay na disipulo ni Cristo. Pagkatapos ay gawin ito. Kapag sinusunod natin ang mga kautusan, talagang tutulungan tayo ng Panginoon. Kapag hindi tayo sumusunod, wala tayong pangako (tingnan sa D at T 82:10).

Kapag sinusunod natin ang mga kautusan at ginagawa ang mga bagay na iniuutos ng Panginoon, tayo ay gagabayan at papatnubayan sa ating buhay. Ngunit kung tayo ay mauupo lamang at mag-aalala sa buong buhay natin kung tama ba ang pinili natin, hindi natin makakamtan ang mga oportunidad na naroon sa landas natin.

Nawa ay umalis tayo sa paikot na daan at sumulong nang may pananampalataya sa Diyos Ama at Kanyang Anak na si Jesucristo. ■

*Mula sa isang mensahe sa debosyonal na ibinigay noong Mayo 24, 2011, sa Brigham Young University–Hawaii. Para sa buong teksto sa Ingles, pumunta sa, https:// devotional.byuh. edu/archive.*

MGA TALA

1. Tingnan sa Thomas S. Monson, "As We Meet Together Again," *Ensign*, Nob. 2010, 5–6; tingnan din sa "Welcome to Conference," *Ensign*, Nob. 2012, 4–5.
2. Tingnan sa "The Family: A Proclamation to the World," *Ensign*, Nob. 2010, 129.

**PAGSAGOT SA MGA TANONG**

**Bakit mahalaga ang kasal sa walang hanggang plano ng Diyos para sa Kanyang mga anak?**

Ipinahayag ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol na "ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at ng isang babae ay inorden ng Diyos at ang mag-anak ang sentro ng plano ng Tagapaglikha para sa walang hanggang tadhana ng Kanyang mga anak." ("Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," Ensign, Nob. 2010, 129).

Kapag ang lalaki at babae ay ibinuklod sa isa't isa sa templo para sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan, ang ugnayan nila sa isa't isa at sa kanilang mga anak ay magpapatuloy magpakailanman, kung tutuparin nila ang kanilang mga tipan.

Ang kagalakan sa buhay ay matatagpuan sa pag-aasawa at buhay may-pamilya. Ang kalalakihan at kababaihan ay nagtutulungan, at layon ng Diyos na magkasama sila sa pag-unlad. "Sa pag-aasawa lahat ng mabuting pagnanais ng tao, lahat ng pisikal at emosyonal at espirituwal, ay matutugunan" (Boyd K. Packer, "Marriage," *Ensign*, Mayo 1981, 15).


THERE
HERE
THERE
THERE
MTC



# “Sapagka’t Aking Iniingatan ang Aking Salita Upang isagawa”

Ni Gelene Tobias-Domagsang

“Ang pangalan ko ay Jehova, at nalalaman ko ang wakas mula sa simula; samakatwid, ang aking kamay ang gagabay sa iyo” (Abraham 2:8). “Sapagkat mangyayari sa araw na yaon, na ang bawat tao ay maririnig ang kabuuan ng ebanghelyo sa kanyang sariling wika, at sa kanyang sariling salita, sa pamamagitan nila na inordenan sa kapangyarihang ito” (D at T 90:11).

Tatlumpung taon na ang nakaraan, noong Oktubre 3, 1983, 26 na batang missionary –16 na elder at 10 sister—ang tumanggap ng training sa isang pribadong tirahan sa La Salle, Greenhills. Ang training ay nagtagal nang 10 araw at inihanda ang 26 na magigiting na missionary na ito upang maglingkod sa ubasan ng Panginoon bilang mga full-time missionary ng Diyos. Ito ang unang klase ng unang Missionary Training Center sa Pilipinas.

Tatlumpung taon na ang lumipas. At sa harap ng magandang templo sa Manila, nakatayo ang isang malaki at bagong gusali na may mahigit 200 missionary. Sa loob ng bagong MTC na ito, ang mga missionary na iba-iba ang mga kultura, wika, kulay ng balat—ay nagkakaisang lahat sa iisang layunin, “Ang anyayahan ang iba na lumapit kay Cristo.”

Sa taong ito, ipinagdiwang ang isa sa mga pinakamahalagang pangyayari sa kasaysayan ng missionary training program ng bansa. Sa kauna-unang pagkakataon, ang bagong MTC facility ay naglunsad ng language training program para sa mga missionary na mula sa ibang bansa na nakatalaga sa Philippines’ Tagalog-speaking missions.



LITRATO KUHA NI NOEL MAGLAQUE

Ang ilang mga missionary na mula sa North America, New Zealand, Australia, Kiribati, Samoa, Tonga, Fiji at iba pang mga bansa, na karaniwang pumapasok sa MTC Provo, ay ipinapadala ngayon sa Philippines MTC para tumanggap ng 41-araw na training.

Maliban sa regular training na karaniwang natatanggap ng mga missionary sa MTC, kabilang sa 41-araw na training program ang pag-aaral ng wika para tulungan ang mga missionary na ito na “magampanan ang kanilang layunin sa paggamit ng wika.” Ang mga missionary sa 41-araw na training ay sinasanay sa walong napakahalagang

*Ang ilang mga missionary na mula sa North America, New Zealand, Australia, Kiribati, Samoa, Tonga, Fiji at iba pang mga bansa, na karaniwang pumapasok sa MTC Provo, ay ipinapadala ngayon sa Philippines MTC para tumanggap ng 41-araw na training.*



LITRATO KUHA NI NOEL MAGLAQUE

*Ngayon ang bilang ng 41-day at 12-day na mga missionary ay patuloy na nadaragdagan. Tunay na alam ng Panginoon ang wakas mula sa simula. Pinabibilis Niya ang Kanyang gawain--at walang kamay na di pinaging banal ang maaaring pumigil sa pagsulong ng gawain.*

aspeto ng Mangaral ng Aking Ebanghelyo, gramatika sa Tagalog, mga proselyting activity na may mga in-field missionary, pagpapraktis sa pagtuturo at iba pang mga aktibidad na maghahanda sa kanila na gumawa sa Kanyang ubasan.

"Ang isang bagay na natutuhan ko ay kung bakit kailangang puntahan kung nasaan ang investigator o di-gaanong aktibong miyembro---magturo ng mga tao, hindi ng mga lesson. Palagi kong aalalahanin ang natutuhan ko sa MTC at kung paano kami hinikayat na gawin ang lahat ng makakaya namin," sabi ni Elder Talanoa, isang missionary mula sa Sydney, Australia Harbour na tinawag na maglingkod sa Philippines San Pablo Mission.

Ipinahayag din ni Elder Aoina mula sa Auckland New Zealand Otara, ang kanyang nasasaisip, sinasabing "Ang dahilan kaya mabilis akong matuto ng Tagalog ay dahil binibiyayaan ako ng Panginoon ng kaloob na mga wika dahil hinangad ko ito."

Dahil parami nang parami ang mga missionary, mula sa bansa natin at sa ibang bansa, na ipinadadala sa Philippines MTC, naglagay ng pansamantalang mga silid-aralan sa MTC basement, mga storage room at maging sa sacrament hall. Ang mga missionary ay makikita sa mga pasilyo, gym at MTC breezeway, na nag-aaral at 'nagpapraktis magturo.' Ang mga district ay itinalaga sa magkakaibang oras ng iskedyul sa pagkain para maiwasan ang siksikan sa MTC cafeteria. Mayroon ding iba-ibang iskedyul sa computer lab para magamit ng lahat ng missionary ang mga computers para sa email, assessment at technology-assisted language learning program. Ang pagtatayo ng karagdagang mga gusali ay ipinaplano na rin. Bukod pa rito, 20 karagdagang returned missionary ang tinanggap bilang mga guro upang tumulong na mapag-ibayo ang pagkatuto ng mga missionary sa regular training (12-araw) at ng mga missionary sa language training (41-araw).

"Ang maging bahagi ng malaking pag-unlad na ito sa Philippines MTC at sa Simbahan ay di-malilimutan. Nasaksihan ko kung paano nakatulong ang mga pagpapala ng Tagapagligtas at mga kaloob ng Espiritu sa mahuhusay na missionary na ito habang sinisikap nilang pag-aralan ang wika. Ikinatutuwa ko ang magiging malaking epekto nito sa pag-unlad ng Simbahan dito sa Pilipinas," sabi ni Brother Jeff Morales, isa sa mga language training teacher. Isa siya sa dalawang teacher na tumulong sa unang batch ng mga language training missionary noong Pebrero na kinabibilangan ng tatlong Polynesians na naroon ngayon sa Philippines Angeles Mission.

Ngayon ang bilang ng 41-day at 12-day na mga missionary ay patuloy na nadaragdagan. Tunay na alam ng Panginoon ang wakas mula sa simula. Pinabibilis Niya ang Kanyang gawain--at walang kamay na di pinaging banal ang maaaring pumigil sa pagsulong ng gawain.

"Nang magkagayo'y sinabi ng Panginoon sa akin, Iyong nakitang mabuti: sapagka't aking iniingatan ang aking salita upang isagawa." (Jeremias 1:12) ■